

ATENEO  
**Magisterial  
Lecture** SERIES

**TAO PO! TULOY! HALINA SA LOOB NG TAO**

FR. BERT ALEJO, SJ

Department of Sociology and Anthropology

Ateneo de Manila University

**START OF LECTURE | 0:33**

**[0:33 - 0:52 | LECTURE INTRODUCTION]**

Tao po! Ah, tuloy!

Gusto ko kayong anyayahan na pagnilayan itong isa sa pinakamaganda at pinakamakahulugang salita sa karanasan ng Pilipino ng pagpapakatao. Ano yun?

Yung salitang *loob*.

**[0:53 - 3:21 | LOOB: SALITANG BUKAL PILIPINONG KARANASAN NG PAGPAPAKATAO]**

Isipin mo:

Pagka' masama yung damdamin mo, sasabihin mo [na ang] "*sakit ang loob mo.*" Pagka' matapang ka, may *tatag ng loob* [ka] na harapin ang mga hamon sa buhay. Pagka' binabalikan mo yung pagpapasalamat mo sa iyong mga magulang, tinatanong mo ang *utang na loob*. Tapos 'yun bang *feeling generous* ka, puno ka ng *kagandahang loob*, isipin mo ang ganda-ganda, noh? At kapag iyon bang matagal-tagal yung hamon sa buhay mo, kailangan [mo] ng *tibay ng loob*. Tapos kung minsan, nagkasala ka tapos ang hamon naman sa'yo yung hindi lang magsisi kundi *magbagong-loob*. Ibig sabihin na bagong buhay ka na.

At kung meron ka namang gustong makaibigan at dahan-dahan nagkakilala kayo, baka sabihin: "*Aba, tignan mo yung dalawa na 'yon--nagkahulihan na ng loob!*" At yung 'pag binalikan mo yung buhay ng mga bayani, sasabihin mo: "*Ibang klase sila--dakila ang kanilang kalooban. Handa silang mag-alay ng buhay [at] mang pagpapakasakit.*" Yung mga estudyante pagka' meron *disaster* na *nagvo-volunteer*. Ano tawag doon? Yung sa JVP (Jesuit Volunteers Philippines Foundations, Inc.) na *kusang loob--paglilingkod* na pagmamalasakit na bukal sa loob. Ang ganda-ganda! Kapag galing naman sa gulo ay "panatag ang loob." Kapag hindi ka makapag-desisyon, sabihin mo "*Maulap ang aking loob.*" Pero kapag naging malinaw sa iyo ang lahat, naging makulay na ang iyong buhay, sasabihin mo "*Wow, lumiliwayway na ang aking loob.*" Ibig-sabihin "*Nakikita ko na yung ganda ng buhay.*" Kaya yung, halimbawa, *counselling*: galing sa maulap ang loob, ngayon ay nagliliwayway na ang kaniyang loob.

Kaya siguro, ewan ko kung papaano [ko] kayo hihimukin pero ako, gigil-na-gigil at gandang-ganda ako sa salitang *loob*. Hindi ito basta *hindi labas*, kundi isang uri ng pagpapakatao ayon

sa karanasang Pilipino na buong-buo ka; na meron kang pagmamalay, meron kang damdamin, at may katumbas din itong kakayahan.

### [3:22 - 10:36 | SAAN NANGGAGALING ANG PAGNINILAY TUNGKOL SA LOOB?]

Ngayon, siguro matatanong mo “*Father, papaano mo naisip ‘yan?’*” Siguro sasabihin ko na sa inyo kung saan nanggagaling ito, noh? Yung una yung pagtataka.

Kase nung, ano, nung seminarista pa ako, ang trabaho ko [noon ay] sa mga manggagawa, sa mga *urban poor*, sa mga maralitang tagalungsod at nakilala ko rin yung mga katutubo dyan sa Sierra Madre. Nung minsan, pag-uwi ko, naghuhubad ako ng sapatos [tapos] kinakapa ng paa ko yung tsinelas sa sahig, ewan ko pakiramdam ko:

*Nandito na ako sa bahay pero damang-dama ko yung mga pinagdadaan ng mga manggagawa, yung mga mahihirap. Andito na ako! Naka-uwi na ako, eh! Pero bakit parang dala-dala ko pa rin yung kanilang naramdaman.?*

Dala-dala ko rin yung larawan ni Buboy na, sa giit na ng kahirapan (?), nagsisikap sumulat ng tula. Nandudoon sila, nandidito ako, pero parang nandidito sila. Nasaan sila? Sa balat ko? Sa buhok ko? Hindi. Sa *loob*. Ano ‘tong loob na para bang pati ‘yong kapwa na nasa malayo ay naririto at namamalayan ko, nararamdaman ko, at may iba akong parang pananagutan sa kanila? Pangalawa, hindi ko lang sila naalala kundi bakit yung mga nakiki-baka, yung mga *scientist*, mga misyonaryo, mga *writer*, mga nagsusulat, mga magulang na nagsasakripisyo--bakit sila nagsasakripisyo? Saan nanggaling yun?

Yung iba nga ay nag-aalay ng buhay para lang tumaas nang konti ang sweldo. Diba yung mga nasa *frontliners* sa pagaalaga ng mga may sakit, delikado ang buhay nila? Bakit? Saan nanggagaling yun? Magkano ba naman ang sweldo nila? Ibig-sabihin, may iba pa silang pinaghuhugutan. Ano yun? Balsa nila? Sapatos? Hindi--*loob*. Muli, pangalawang pagtataka, ano ba itong loob na parang pinanggagalingan ng sining? Dito sa loob hinuhugot ang mga salawikain. Dito galing sa loob bumubukal ang mga awit, ang mga bagong tula, ang mga bagong pelikula, ang mga akdang sining--dito rin hinuhugot yung kakayahang magsakripisyo. ‘Di ba nakakalula?

Ano itong loob na parang umaabot sa kapwa kahit malayo sila? Ano itong loob na kahit na iyo’y malayo ay nakakarating dito sa akin? Ano ‘tong loob na pinanggagalingan ng kadakilaan; ng pinanggagalingan ng kakayahang magsakripisyo? Nalulula po ako at inaanyayahan ko kayo [na] damahin ‘yon. Ngayon sasabihin mo, “*Loob? Edi inside!*” Hindi. Makukuha mo ba ‘yan ‘pag x-ray? Makukuha mo lang yung buto!

Makukuha mo ba yung loob sa blood test? Makukuha mo lang yung *chemical component*.

Pero hindi mo pa rin makukuha kung ano ba yung loob ng tao--isang hiwaga ito. May idadagdag pa ako: Ito pa lang loob ay hindi basta loob ko lang. Kwentuhan ko kayo:

Umakyat ako eh--may isang grupo kami, umakyat kami dyan sa Sierra Madre maghapon kami naglalakad. Nung dumudilim na, mabuti na lamang malinaw [at] maliwanag ang buwan. At

tapos sinubaybay namin yung daloy ng ilog papatungo sa tribo pero kinakabahan kami kasi baka mamaya *wild life*, may *wild people* din doon. Pero nakakatuwa, sa sinig ng buwan, nakalakad kami. Maya-maya, mayroong *bonfire*, mayroong apoy--ibig sabihin malapit na yung tribo. Tapos narinig namin [*tahol*] kumakahol ang aso--*domesticated animal*--nandiyadiyan na talaga yung hinahanap naming tribo. Nung malapit na malapit na kami, may sumalubong na isang matanda. Ang pangalan pala niya si Kaka Ito--may tali ang noo, ang ulo, puti ang buhok, naka-*jacket* na maong na kupas, may kwintas ng mga pangil ng, siguro, usa o baboy damo. Naka-bahag siya, may tungkod, tapos ngumiti siya sa amin. Kinakabahan [at] nagtinginan kami. Pero alam niyo? Hindi ko makakalimutan yung sinabi niya sa amin. May tungkod siya [at] sabi niya:

*“Tuloy kayo. Tao kayong pumarito. Tao rin naman kaming dinatnan ninyo. Ipalagay ninyo ang inyong loob. Kapwa tao tayo.”*

Sabi ko, nung una kinakabahan kami [kase] baka mamaya masaktan kami, may marahas na mangyayari, yun pala hindi. Taong taga-bundok, hindi naman nag-aral ng maraming mga libro, pero pinatuloy kami at binigkas niya na sabi:

*“Tao kayong pumarito. Tao rin kaming dinatnan ninyo. Magkakapwa tao tayo. Ipanatag ninyo ang loob. Kahit saan ninyo iiwan ang gamit, walang magagalaw sapagkat kapwa tao tayo dito.”*

Saan--paano kami naging kapwa [kung] ngayon lang kami nagkita? Paano niya--saan nanggagaling yung kaniyang pagpapa-tuloy sa amin? Sa loob. Ano itong loob na ang magka-hindi magkakilala ay pwede magkadugtong ng bituka? Pwedeng magkaroon ng puwang ang iba sa aking sarili at ako naman sa kanila?

Ewan ko--kamusta kayo? Ako? Nalulula ako dito na ako maliit lang akong tao, pero kaya ko palang tanggapin sa aking loob ang maraming mga ibang kapwa-tao sa maramdaman ko dahil lamang malayan ko ang kanilang mga pinaghirapan, nararamdaman ko rin ang kanilang mga pinagdadaan. Dito nagsimula yung pagtatanong ko: *ano nga ba itong loob? Loob ng tao?* Ngayon, siguro sa pag-aaral ng, ano, sikolohiya, ng pilosopiya, ng teolohiya, pag-unawa sa loob ng tao, sabi ko saan ako mag-uumpisa para sagutin ang pagkalulang ito?

**Bukod sa karanasan, nakita ko mayroon palang wika na *loob*. May sinasabi yung salita na *loob*. Kung gusto mong maunawaan yung *loob*, edi tumuloy ka. Dito ngayon pumapasok yung magandang karanasan.**

[10:37 - 13:38 | BAHAY KUBO & BALIK SA TAO PO...]

Naalala ko ngayon tuloy! Hindi nga ba merong kantang tinuturo sa mga bata? Ano yun? *Bahay Kubo*.

*Bahay Kubo / kahit munti--Ituloy niyo!--Ang halaman doon / ay sari-sari / Singkamas at talong--*

Teka muna: hindi ba ang pinag-uusapan ay bahay kubo? Maliit na bahay? Pero bakit yung kanta nauwi doon sa halamanan? Ganito pala kase ‘yon.

Kase yung kubo, kung titignan mo mula sa labas, parang ang liit-liit lang. Yung ibang kubo, para bang--ano lang--mga 4 square meters lang siguro! Pero kapag pumasok ka at bukas ang bintana, ibang-iba ang karanasan ng yung loob kung titingnan mo lang sa labas, ibang-iba naman yung loob kung nasa loob ka na at bukas ang bintana. Maiintindihan mo na pati ang tanawing bukid yung mga halaman ay bahagi rin ng karanasang *ang sarap naman dito sa loob!* Hindi mo pala pwedeng husgahan ang loob nang pasilip-silip ka lang sa labas.

**Kailangan tumuloy ka. Pero bago ka tumuloy, kumatok ka muna! Hindi ba ano? Tapos pag pinatuloy ka, bukas ang bintana, mararamdaman mo na pati yung nasa paligid-ligid--mga halaman, mga tanawing bundok at tanawing bukid--ay bahagi rin ng karanasang loob.**

Inaanyayahan ko kayo na ano pagnilay-nilayan yan siguro sa ibang panahon sa sarili niyo, sundin ninyo. Ngayon sasabihin mo “*Eh wala nang bahay kubo! Bahay condo nalang!*” [tawa] Pag-isipan niyo rin, kung tutuusin niyo, tignan mo yung sari-sari store yung mga *vendor* dyan sa tabi ng kalsada--ang liit-liit. Sasabihin mo “*Paano sila nabubuhay diyan?*” Pero pagka’ maki-upo ka sa kanila, makikita mo kung papaano sila magmahal sa kanilang anak, papaano sila makipag-trato sa customer. Makikita mo may iba silang kadakilaan hindi sila kasing liit ng iniisip mo mula sa labas. Lumalaki, parang nagiging dakila, ang kanilang dangal kapag sinubukan mong pumasok sa kanilang daigdig. Nabanggit ko yung daigdig--ang loob pala--ito ngayon ang magandang leksyon! Ang loob pala ay hindi isang sulok ng dibdib kundi isang malawak na daigdig. Umaabot ang loob doon sa mga halaman, eh kasi ako ang nagtanim niyan! Ipagmamalaki ko yan! Umaabot ang loob doon sa kapwa-tao.

[13:39 - 16:24 | KAYA PALA]

Ano ang ibig mo sabihin father? Well kunwari may anak ako--kunwari lang--nakita ko yung anak ko may lumapit, hinampas, piningol--anong mararamdaman ko? Masasaktan ako! Sasabihin mo ba “*Ay corny mo naman. Ba’t ka masasaktan eh nasa labas naman yung bata?*” Hindi! Saan ba ako nasaktan? Sa balat? Sa balahibo? Sa buto? Hindi--saan? Sa *loob*. Paano nangyari na nasaktan ako sa loob samantalang yung anak naman ay nasa labas? Hala! Bakit? Kase mayroong tagong ugnayan--may tagong ugnayan tayo na yung loob ko ay kakabit, kaugnay nung mga tao na may makahulugang ugnayan ang aking sarili sa aking kapwa. Kaya ito palang loob ay isang daigdig ng kamalayan at ng damdamin na pwede mo akong saktan, pwede mo akong pasayahin. Subukan mo naman eh nakita ko na niregaluhan mo naman yung anak ko edi siyempre matutuwa naman ako, diba? Ibig-sabihin, ang loob pala ay hindi isang sulok ng dibdib na ang kipot-kipot, pero isang daigdig na makahulugang-ugnayan na hindi ito napapakitid kahit na may *social distancing*--o diba noh? Ito pala’y isang daigdig ng makahulugang-ugnayan.

Kaya nga siguro mas maintindihan mo kung bakit kapag sinaktan mo yung mahal ko, nasasaktan din ako. Maiintindihan din natin na kapag *binu-bulldozer* ngayon yung mga barung-barong, [mga] maliliit na tirahan, ng mga maralitang tagalungsod paano bang habang ginigiba yung bubong, yung haligi, mayroon ding nagigiba sa kanilang damdamin, sa kanilang dibdib. Bakit? Pinaghirapan ko ‘yan! Mas maiintindihan din natin ngayon kung bakit yung mga katutubo nakita nilang *binu-bulldozer*, pinuputol yung mga puno habang tumutumba yung kahoy sasabihin, “*Tanim yan ng mga ninuno namin!*” Sasabihin mo pa, “*Hindi, wag kayo mag-alala. Papalitan namin yan ng ibang lupa pareho ng size.*”

“*Hindi! Diyan nakalibing ang aming mga ninuno. ‘Pag nagbukas kami ng bintana, yung bundok na ‘yan ang nakikita [namin]. Ngayon kung aalisin mo yung bundok na ‘yan, nasisira na ang aming daigdig, yung pananaw [namin] at may epekto ito sa kolektibong loob ng tribo.*”

Kaya siguro, uulitin ko, inaanyayahan ko kayo na oo nga, noh? Pag-nilayan nga natin itong loob na ito.

#### [16:25 - 17:03 | ISANG KAHIG, ISANG TUKA]

Siguro huling larawan lang, meron akong isang tanaga na:

*Sa ibabaw ng tubig, mga isla’y hiwalay.*

*Pero kapag ikaw ay sumisid sa pusod ng daigdig, lahat ay magkaugnay.*

Yun palang pagkakaiba-iba natin ng relihiyon, ng mga kultura, ng kasarian, ng *gender*--lahat na yan--ay yan ay pagkakaiba [at] pagkakahiwalay ng mga isla sa ibabaw ng tubig. Pero kapag ikaw ay nagpalalim sa iyong kalooban, matutuklasan mo [na] may mga tagong ugnayan. Magkakadugtong ang ating mga bituka. Kaya siguro mas maintindihan natin yung malasakit.

#### [17:04 - 17:39 | MALASAKIT]

Malasakit--ano ba yung kusang loob na paglilingkod? Yung *pagvo-volunteer?*

Saludo ako. Yung mga *employer*, pagka *nag-submit* sa inyo ng *biodata*, tignan niyo ‘wag lang yung *educational attainment*--tignan niyo rin [yung] *volunteer work*. Oh diba? Eh kase diyan mo makikita yung kanilang kalooban. Yung pagka may naghihirap, mayroong tumutulong--dito ngayon natin nakikita ang dangal ng tao; dito natin maunawaan.

#### [17:40 - 21:01 | ANG BALANGKAS NG LOOB]

So, medyo ibang paraan siya; ibang landas ng pag-unawa sa *self*, yung *understanding the self*. Hindi ito kinukuha sa *stethoscope*, hindi to yun kinukuha mo sa *x-ray* na “*Wag kang gagalaw-PSSHK!*” ganyan, makita mo yung estruktura ng buto.

**Ang loob pala ay isang daigdig ng dangal ng pagka-malikhain na kaugnayan ng isang tao sa kanyang kapwa pati rin sa mga bagay sa mundo sa lupa at matutuklasan mong magpakalalim pa sa Maykapal.**

Kaya sabi ko daigdig, pagka’ daigdig mayroong lawak. Ito yung lawak ng abot-malay na kaya tayo nag-eexposure para mamalayan ko yung pinagdadaan din ng iba. Pagka’ daigdig, hindi

lang ito abot-malay kundi abot-dama. Si Pope Francis nasa Roma! Sabi niya, “*Nabalitaan ko yung sa Yolanda [...] pupunta ako doon.*” Naramdaman din niya kase sa kadakilaan ng kaniyang loob, mayroon siyang abot-dama na umabot pati sa mga biktima ng Yolanda. At yung daigdig din ay may laman. Dito rin naisasakatuparan na pangangatawanan ang pagbubuo ng loob kaya itataya ko yung aking katawan, itataya ko ang aking lakas para isakatuparan yung aking desisyon na tumulong sa iba. At ito masusukat ito sa tagal. May kasabihan sa tagalog: *Ang tunay na tubo, matamis hanggang dulo.* Katunay yan ng paninindigan, yung loob mo ay hindi loob kung maya-maya, nagbago ka na. Kaya siguro maganda rin tignan ang loob sa tagal sa panahon at yung--bilib nga ako doon sa mga nananagutan, nanunumpa, at yung talagang pinaninindigan nila ang kanilang sariling pasya. Yan yung tinatawag na pagbubuo ng loob na mayroon akong pasya batay sa matalinong pagmamalay sa nangyayari, batay sa malalim na pakikidama sa iba, batay sa tamang kalkulasyon ng aking abot-kaya. Pagka ganito, pasya ko umu-oo ang aking malay, umu-oo ang aking damdamin, umu-oo pati ang aking katawan--buong-buo ako. At sa kagandahang loob, sa pagtanaw ng utang na loob, sa kadakilaan ng loob--buong-buo. Sana tanggapin natin ito bilang landas ng pag-unawa sa tao. Kung tignan natin, maraming implikasyon ang karunungan ito. Pero isang implikasyon ay yung tungkol sa dahas. Kung ang talagang tamang relasyon ay kakatok ka ng “*Tao po! Tao ako!*” at papatuloyin ka “*Tao rin kami dito!*” at yung pagbubukas ng pinto at pagtuloy sa loob, yun ang magandang ugnayan. Ano naman ang kaugnayan nito sa pag-unawa natin sa dahas?

#### [21:02 - 22:09 | DALAWANG URI NG DAHAS]

Dalawang uri ng dahas ang lumilitaw dito. Yung isa ay panghihimasok. Yun bang pumapasok ka ni hindi ka naman kumatok! Nanghihimasok ka. Pangalawa: pananakop. Yun bang ipinapaloob mo siya na hindi naman niya gustong pumasok.

Alam niyo, dalawang uri ng dahas ‘yan. Ang maganda sana kakatok ako at patutuloyin, pero kung hindi ako kumatok bigla ko nalang papasukin yung daigdig mo, isang uri ng dahas yan. Dahas yan--ang tawag yan panghihimasok. Pero kung dumadaan lang ako o kaya bumibisita ka lang tapos sasakupin mo ako, isang uri pa rin yan ng dahas. At, tingin ko, yun ang isa sa mga nangyari sa ating kasaysayan--gahasa! Sinakop na, pinaghimasukan pa pati ang ating kaisipan, ang ating kalooban. Dapat tayo lumaya at bahagi ito ng paglaya ng ating kalooban. Tapos pagka malinis din ang loob, walang daya.

#### [22:10 - 22:31 | KORUPSYON AY DAYA SA BAYAN AT DAYA SA LOOB]

Alam niyo, pwede ring gamitin ito sa pag-unawa sa korupsiyon sa lipunan--na ang korupsiyon ay hindi lang paglabag sa batas kundi daya sa bayan at daya rin sa loob. Ang basura sa lipunan ay nanggagaling sa basura ng kalooban.

#### [22:32 - 23:21 | DAHAS AY PAGKITIL SA DAIGDIG]

At sa bandang huli, tungkol sa pagpatay, sinabi natin ang loob ay isang daigdig. Kapag pumatay ka ng tao, pinatay mo na rin ang kanyang daigdig--ang kaniyang pananaw. Hindi na siya makakakita ng kulay, ng mga bulaklak. Pag pinatay mo ang tao, pinatay mo rin ang kaniyang pandinig. Hindi na niya maririnig ang mga uyayi para sa bata, mga awit, at mga tula. Pag pinatay mo yung isang tao, pinutol mo na rin ang kaniyang dila na yun ang paraan ng

pagpapahayag niya ng kaniyang mga saloobin. Pinutol mo na rin ang kaniyang mga kamay at paa na hindi na rin siya makapag-lakbay. Pag pumatay ka ng isang tao, pumatay ka ng isang daigdig.

#### [23:22 - 25:04 | PAGLILINAW SA KONSEPTO NG ABOT]

Ganun din naman kung gusto mong tumulong sa *counselling*, hindi siya na bibigyan mo lang siya ng susunod na hakbang kung anong gagawin. Ang pagtulong, ang pagkabibigay ng *counselling* ay pagbibigay ng isang bagong daigdig kung saan nagkakaroon ng bagong kahulugan ang kaniyang buhay. Kaya siguro ay isabuhay natin ito:

Abot-malay--palawakin natin ang ating kamalayan sa mga nangyayari hanggang sa abot-tanaw. Palalimin natin sa abot-dama ang ating kakayahang makiramdam sa mga pinagdadaanan ng iba. At patibayin natin ang ating abot-kaya bilang pagsasabuhay ng ating pananagutan at pag-asa.

Pero siyempre may limitasyon yan. Hindi lahat kaya kong malaman--may hangganan ang aking abot-tanaw. Hindi lahat ng daing ng sanlibutan ay kaya kong maramdaman--may panahon din namamanhid ako. At hindi ko rin kayang gawin ang lahat--may pananagutan ako sa mundo pero hindi ko sagutin ang buong mundo. Siguro yun ang realismo ng abot--hindi ko sakop ang buong mundo sapagkat hindi ako ang manliligtas, hindi ako ang Mesiyas...si Hesus siguro ang Mesiyas.

Sa kaniyang pagdipa sa krus, inaabot niya ng malay ang mga nangyayari sa mundo. Sa kaniyang pagdipa, inaabot niya ng dama ang mga pinagdadaanan ng tao. At sa kaniyang pagdipa, inaabot din niya sa kaniyang kakayahan ang pagliligtas sa tao.

#### [25:05 - 26:20 | PAGTANAW NG UTANG NA LOOB]

Bandang huli, gusto kong magpasalamat sa mga unang mga pantas na nagmuni-muni at nagnilay sa loob. Hindi ito personal na bunga lang ng pagiisip. Nang-uutangan ako ng loob kila Pete Lacaba, Padre Leonardo Mercado, Rey Iletto, Zeus Psalazar at Ver Enriquez, Fr. Ferriols, Emerita Quito, Jose de Mesa, kay Vince Rafael, Dionisio Miranda. May mga makata rin si Ed Maranan, Joe Ma. Sison. Pintor: sila Egay Fernandez; Arkitekto Leandro Locsin at marami pang iba. At siyempre, unang una diyan si Gat Apolinario Mabini na nagsabing:

*“Kung gusto talaga natin ng rebolusyon ng totoong pagbabago, dapat binabago natin hindi lang institusyon kundi ang ating kalooban.”*

Saludo sa mga makatang lungsod, saludo sa nagaalaga sa Wikang Pilipino.

Sa bandang huli, salamat po sa inyong pakikinig. Damang-dama ko na nagkahulihan tayo ng loob. **Sana maramdaman din natin yung sa pagbubukas ng loob, andiyadiyan din ang kapwa, andiyadiyan din ang ating Manlilikha.**

#### END OF LECTURE | 26:21